# Si Biboy na Mausisa



**Mga Letra: a, b, e, g, i, k, l, m, n, o, p, s, t, u, y**

Isinulat ni Mira V. Fulgencio
Iginuhit ni Ronald V. Teoxon
Sinuri nina Esperanza A. Badong, Annie M. Dado, Jillianne C. Elnar, Cheryl E. Lique, Leonisa N. Ramos, at Genny P. Solares



Si Biboy ay mausisa. Nagtataka siya sa mga bagay na nakikita.



Nakita ni Biboy ang buto sa
mesa.
“Ano po iyan?” usisa niya
sa nanay.



“Buto ito ng gulay,”
sagot ni Nanay.
“Saan po gagamitin iyan?”
sabi niya.



“Itatanim natin ito,”

sagot ni Nanay.

Pumunta sila sa taniman.



Bitbit ni Nanay ang maliit
na pala.
“Ano po iyan?” usisa muli
ni Biboy.



“Gamit ito sa pagtatanim,”
sagot ni Nanay.
Itinanim nila ang buto.



Kalaunan ay tumubo ang
itinanim nila.
“Ano po iyan?” usisa ni Biboy.



“Iyan ang tanim natin,”
sabi ni Nanay.
Masaya si Biboy sa mga nalaman
niya.

## Mga Tanong at Gawain

1. Sino ang batang mausisa?

2. Ano ang nakita niya sa ibabaw ng mesa?

3. Saan gagamitin ng nanay ang maliit na pala?

4. Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari ayon sa kuwentong binasa. Lagyan ng bilang 1–3.
   ____Tumubo ang buto na itinanim nila.
   ____Nakita ni Biboy ang buto sa mesa.
   ____Itinanim nina Nanay at Biboy ang buto.

5. Mahalaga ba ang pagtatanim? Bakit?

6. Kung ikaw ang magtatanim, anong halaman ang iyong itatanim? Bakit?